# ORDINANCE NO. 35

KAUTUSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG MGA SASAKYAN NA MAGKARGA NG ULING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

ITINATADHANA ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro na:

SEKSYON 1. Ang lahat ng tsuper at mga may-ari ng uri ng sasakyan ay binabawalang magkarga ng uling sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao,Silangang Mindoro;

SEKSYON 2. Sinumang lumabag sa Kautusang Pambayang ito ay magmumulta ng halagang hindi bababa sa Isang Libong Piso (₱1,000.00) subalit hindi tataas sa Dalawang Libo at Limang Daang Piso (₱2,500.00) at mamimilanggo sa loob ng hindi bababa sa isang (1) buwan subalit hindi lalagpas ng anim (6) na buwan o' alinman sa pagmumulta at pamimilanggo alinsunod sa kapasyahan ng Hukuman;

SEKSYON 3. Ang mga Kautusang Bayang kasalungat nito ay pinawawalang bisa na;

SEKSYON 4. Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos mapagtibay at maipabatid sa taumbayan;

ISINABATAS ngayong ika-1 ng Marso 1993.

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SIXTO C. BARRIENTOS
Kalihim ng Sangguniang Bayan



Scanned with CamScanner